Ministri ng Kalusugan

Para sa mas Malusog na Pamumuhay

Departamento sa Paglalathala ng Impormasyon at Relasyong Pang kalahatan

Tanggapan ng Tagapagsalita/ Tagapaglathala

www.health.gov.il

25 ng Marso 2020

Ika-29 Bader, 5768

Sanggunian: 167386320

Mensahe para sa pahayagan/ Peryudiko

* Inaprubahan ng gobyerno ng Israel ang mga regulasyong pang-emergency ngayong gabi upang higpitan ang mga aktibidad upang hadlangan ang paglawak ng corona virus sa Israel.
Kasama sa mga regulasyon ang karagdagang pagbabawas ng paglabas sa mga pampublikong lugar, at pagpapataw ng
Responsibilidad para sa mga employer, pagsasara ng mga hindi kinakailangang mga tindahan at pagpapataw ng karagdagang paghihigpit sa mga transportasyong pampubliko. *

Ang Mga bagong regulasyo ay magsisimula epektibo mula Miyekules sa oras na {17:00} sa loob ng sampung araw.

Ayon sa mga bagong alituntunin ng gobyerno di pinapayagan na lumabas ng tirahan o sa permanenteng lugar na pampubliko, datapwat/ liban sa mga sumusunod:

- Pagpasok ng isang empleyado sa lugar ng trabaho ay pinahihintulutan ng regulasyon
- Pagpupuno/ pagbili ng pagkain, gamot, mga mahahalagang produkto at mga mahahalagang serbisyo.
- Serbisyong medical
- Pag bibigay ng dugo
- Legal na Proseso
- Demonstrasyon
- Pagpunta sa knesset
- Pagtugon para sa kapakanang welfare
- Pag- labas ng isang indibidwal o mga taong naninirahan sa parehong lugar sa isang maikling panahon at hanggang sa 100 metro ang layo mula sa tinitirhang lugar.

- Medikal na tulong sa ibang tao o tulong sa isang tao na may kahirapan o may kapansanan na nangangailangan ng tulong.
  pagdarasal sa isang bukas na lugar, pag lilibing sa patay, kasal at pag bibinyang {circumcision}, paglabas ng babae papunta sa Mikveh lamang, na nag set appointment ng kanyang pagdating sa lugar.

- Ang paglipat ng isang menor de edad sa mga pang-edukasyon na mga establisimiyento para sa mga mahahalagang gawain at mga espesyal na balangkas) alinsunod sa alituntuning Pang kalusugan.
- Ang paglipat ng isang menor de edad, na ang mga magulang ay nakatira nang hiwalay, sa pamamagitan ng isa sa kanyang mga magulang, sa bahay ng ibang magulang.
- Paglipat ng menor na edad na ang mga magulang ay may karampatang respossibilidad sa bata na kinakailangang lumabas para sa mga mahahalagang bagay Gawain ,sa tinitarhang bahay ay walang mapag iiwana na hindi menor de edad at responsable sa loob ng pamamahay.

Spokesman office
Ministry of Health
P.O.B 1176 Jerusalem 91010
dover@moh.health.gov.il
Tel: 02-5081220 **Fax**: 02-5655965

דף השני

Napagpasyahan din na ang mga serbisyong pampublikong transportasyon ay mababawasan sa halos 25% alinsunod sa mga alituntunin ng Ministri ng kalusugan.

Ang mga serbisyo sa taksi ay posible lamang sa isang pasahero o ibang escort para sa mga layuning medikal, habang ang mga pasahero ay nakaupo sa may likuran ng sasakyan na bukas ang mga bintana ng sinasakyang taxi.

Mga itinakdang mga alituntunin sa pampublikong mga lugar o sa lugar ng trabaho sikapin panatilihin ang distansya ng 2 metro sa pagitan ng bawat isa. Pagbiyahe na gamit ang sasakyang pribado para sa mahahalagang Gawain 2 dalawang tao lamang ang maaring sumakay. Pinapayagan din ang mga serbisyo ng shuttle sa mga lugar ng trabaho na naayon sa alituntunin na pinatupad ng gobyerno.

Bilang karagdagang alituntunin tungkulin ng employer,amo na magtalaga ng tao sa may pasukan ng establishment para mag sukat ng temperatura ng bawat taong papasok sa lugar ng trabaho. Di pahihintulutan ang sinuman na pumasok na may temperature na humigit sa 38 degree selius.

Kasabay nito pahihintulutang magpatakbo ng negosyo sa pamamagitan ng paghahatid ng pagkain lamang {food delivery service}, mga pahagayan, at mga mahahalagang serbisyo sa pagpapanatili ng bahay. {pagmaintain ng bahay}, elektronika, mga serbisyong telekomunikasyon at mga aksesorya sa medisina. Pinapayagn ang online na pagbebenta na may kasamang pagpapadala para sa lahat ng mga uri ng mga produkto. Serbisyo sa paghahatid sa tirahan, ang kargamento ay ilalagay sa labas ng tirahan.

Negosyo para sa pagbebenta ng pagkain ay pinapahintulutan lamang sa pamamagitan ng paghahatid lamang, botika, mga institusyon pang optika, mga negosyo na ang pangunahing produkto ay pang hygiene, magtatrabaho sila ayun sa alituntunin na pinatupad ng gobyerno pagpapanatili ng distansya 2 metro ang layo ng bawat isa para maiwasan ang pagsisikip ng lugar ng bawat isa. Para mapanatili ang kaluwagan ng lugar at mapanatili distansya sa bawat isang cashier 4 na tao lamang.

Napagpasyahan na ang paglabag sa mga alituntunin ay magiging isang criminal na pagkakasala. Pagpapatong ng karampatang ng administribong multa pasa sa sinumang lumabag, ganun din ang pagpapatupad ng mga kapulisan sa mga alituntunin ng pamahalaan.

Ang lahat ng mga regulasyong pang-emerhensiya na inaprubahan ng pamahalaan ay ikakalat sa lalong madaling panahon sa anunsyo ng Ministry ng Kalusugan.

Liban sa mga nasabing regulasyon, nararapat na balikan at bigyang diin ang karaniwang pangangailan na sumunod sa mga patakaran ng pamahalaan upang maiwasan ang pagkalat ng virus. Tungkol sa papulasyon na 60 pataas, bigyang kaukulang pansin ang mga may edad at papulasyon na may panganib na manatili sa pamamahay at huwag ipagsapalaran ang paglabas sa pampulikong lugar.

Maligayang pag bati,

Ayal Bason

Ang Tagapagsalita ng Ministri ng Kalusugan

Spokesman office
Ministry of Health
P.O.B 1176 Jerusalem 91010
dover@moh.health.gov.il
Tel: 02-5081220 **Fax**: 02-5655965